# Kataga ng Buhay

**Hunyo 2020**

**“Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa Akin, at ang tumatanggap sa Akin ay tumatanggap sa nagsugo sa Akin”**
(Mateo 10:40).

Inilalahad ng kabanatang ito ng Ebanghelyo ni Mateo ang pagpili ni Hesus sa labindalawang apostoles at ang pagsusugo sa kanila upang ipangaral ang Mabuting Balita.

Pinangalanan silang isa-isa, tandâng personal na ugnayan nila sa Panginoon sa pagsunod sa Kanya sapul sa simula ng Kanyang misyon. Natutunan na nila ang pamamaraan ng Panginoon - ang pagiging malapit higit sa lahat sa mga maysakit, mga makasalanan, mga sinasapian ng masamang espiritu, at mga taong nasa laylayan ng lipunan na iniiwasan at hinuhusgahan. Matapos Niyang ipakita ang Kanyang pamamaraan ng pagmamahal, inihanda naman sila ni Hesus sa pagpapahayag ng nalalapit na kaharian ng Diyos.

Ang mga apostol ay sinugo sa ngalan ni Hesus bilang Kanyang mga “kinatawan”. Kaya’t si Hesus ang tunay na tinatanggap sa katauhan nila.

Kadalasan, dahil itong mga kilalang tao sa Bibliya ay bukas ang puso sa mga di-inaasahang panauhin,ang Diyos mismo ang bumibisita sa kanila.

At kahit sa panahon ngayon, lalo na sa mga kulturang malakas ang diwa ng pamayanan, pinahahalagahan ang panauhin kahit hindi sila kilala at pinaglalaanan din ng tampok na lugar.

**“Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa Akin, at ang tumatanggap sa Akin ay tumatanggap sa nagsugo sa Akin.”**

May mga tagubilin si Hesus sa labindalawa: sila ay hahayo nang nakayapak, dala ang kaunting gamit sa isang maliit na bag at may isang damit lamang. Ituturing nila ang sarili bilang panauhin, buong kababaang-loob natatangggapin ang anumang makaharap nila. Malaya nilang ipagkakaloob ang pagkalinga at pagtaguyod sa mahihirap at maghahandog sila ng kapayapaan sa bawat makakasalamuha. Tulad ni Hesus, sila ay magiging mahinahon kung may mga di-pagkakaunawaan at pag-uusig,dahil nakatitiyak sila sa pag-ibig ng Ama sa kanila.

Sa ganitong paraan, ang sinumang mapalad na makatagpo nila ay mararanasan din ang pagmamahal ng Diyos.

## “Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa Akin, at ang tumatanggap sa Akin ay tumatanggap sa nagsugo sa Akin.”

Tulad ng mga alagad, may misyon din ang mga Kristiyano – ang magbigay patotoo sa pagmamahal ng Diyos na kanilang naranasan. Buong pagpapakumbaba nila itong ipapakita sa gawa at sa salita upang maging maging kaaya-ayang karanasan ng lahat ang pag-ibig ng Diyos. At dahil naranasan nila  na tinanggap sila ng Diyos sa kabila ng kanilang mga kahinaan, ang una nilang gagawin ay ang mainit na pagtanggap rin sa bawat kapwa.

Sa isang lipunan na madalas ay naghahanap lamang ng tagumpay at pansariling kalayaan, ang mga Kristiyano ay tinatawagang magpamalas ng kagandahan ng kapatiran, kilalanin ang pangangailangan ng lahat at isabuhay ang pagmamahalan.

## “Ang tumatanggap sa inyo ay tumatanggap sa Akin, at ang tumatanggap sa Akin ay tumatanggap sa nagsugo sa Akin.”

Ito ang sinulat ni Chiara hinggil sa pagtanggap ayon sa Ebanghelyo*: “Si Hesus ang pagpapatunay ng malugod na pagmamahal ng Makalangit na Ama sa bawat isa sa atin. Dahil dito, nararapat din nating ibigay ito sa bawat kapwa. Subukan nating isabuhay ang Kataga ng Buhay na ito sa ating pamilya, samahan, pamayanan at trabaho. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pag-iwas sa malimit at madaliang paghuhusga, diskriminasyon, pagkiling, hinanakit at kawalan ng hinahon sa kapwa. Dahil dito nanlalamig at nakokompromiso ang ating pakikitungo sa kapwa: tulad ito ng kalawang na humahadlang sa pagmamahalan. Ang pagtanggap sa kapwa, sa kaiba sa atin, ang batayan ng Kristiyanong pagmamahalan. Ito ang panimula at ang unang hakbang tungo sa pagbuo ng sibilisasyon ng pag-ibig at ng kultura ng kapatiran na siyang panawagan ngayon ni Hesus sa ating lahat.”* [i]

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare : www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com ・ Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 ・ Nagasaki: 095-849-3812

[i] Cf Chiara Lubich, Kataga ng Buhay Disyembre 1992.